Protocol ng Day Camp: Appendix N

Mga Huling Pagbabago:

- 10/23/20 Paggamit ng mga playground equipment sa labas ay nasa diskresyon ng operator. Mga playground equipment sa loob ay mananatiling sarado. (Mga pagbabago ay may highlight na dilaw)

Ang protocol na ito ay kokompletohin ng mga day camps. Karagdagan pa sa mga kondisyon na ipinataw sa mga partikolar na mga aktibidad na ito ng State Public Health Officer, ang mga pasilidad ay dapat din na sumunod sa mga Protocol ng Day Camp. Itong protocol na ito ay dapat ipasatupad at ipaskil sa mga sityo o ihanda pag hihiling ng tauhan ng City.

Ang mga patnubay na ito ay kahanay sa Centers for Disease Control and Prevention's (CDC) Interim Guidance for Child Care Program Reopening, American Camp Association (ACA) at ng Los Angeles County Department of Public Health (Public Health), na maaaring mabago batay sa direksyong lokal, ng estado, pederal para magoperayt. Mga aktibidad at programa ay dapat din sumunod sa mga pederal na patnubay tulad ng American with Disabilities Act (ADA). Mga programang tumatakbo sa ilalim ng Joint Use Agreements at iba pang mga kontrata ng kasunduan ay kailangan makipaugnay sa mga kasaping bahagi para matugonan ang mga karagdagang restriskyon at pangangailangan para sa operasyon ng programa. Ang mga sumusunod na restriksyon, protocol ng sanitasyon at mga patnubay ng pagmonitor ay kinakailangan para masegurado ang kalusugan at kaligtasan ng mga tauhan, campers at mga spectators sa pagbuo ng mga plano ng muling pagbubukas.

Paki tala: Itong dokumentong ito ay maaring baguhin sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon at mga resources kaya tiyakin na subaybayan ang Long Beach Covid-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 ng madalas para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

❑ Mga swimming pools sa day camps ay dapat sumunod sa Protocols for Public Swimming Pools (Appendix K).

❑ Mga opisina ng Day Camps ay dapat sumunod sa Office Worksite Protocols (Appendix G).

Sakop ng checklist na ito ang mga:

(1) Patakaran at mga pagsasagawa para maprotektahan ang kalusugan ng mga empleyado

(2) Mga hakbang para masegurado ang physical distancing

(3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrol ng impeksyon

(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko

(5) Mga hakbang para masegurado ang pantay-pantay **na** akseso sa mga serbisyong kritikal

Ito ang limang importanteng bahagi na kailangan matugunonan sa paggawa ng mga protocol ng inyong pasilidad.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Mga negosyo ay dapat mag-implementa ng lahat ng angkop ng mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi na implementa ay hindi naaangkop

Pangalan ng Day Camp: _____

Direksyon ng Camp: _____

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

A. MGA PATAKARAN AT MGA PAGSASAGAWA SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP):

❑ Lahat ng maaring magtrabaho sa kanilang mga bahay ay inatasan na gawin na ito.

❑ Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible.

❑ Ang mg proseso ng pagtrabaho ay isinaayos ng mapadami ang oportunidad ng mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Bigyan ng konsiderasyon ang pag-alok sa mga trabahador, mga docents, interns at mga tauhang boluntaryo na humihiling ng mga binagong mga tungkulin na makakamenos ng kanilang kontak sa mga kostomer at mga empleyado (hal. pangangasiwa ng imbentaryo kaysa sa magtrabaho bilang kahera o pangangasiwang administratibo sa pamamagitan ng telework).

❑ Mga salinsininan o mga hindi sabay sabay na iskedyul ng mapakinabangan ang physical distancing.

❑ Lahat ng empleyado (kasama na ang mga bayarang mga tauhan, docents, interns at mga boluntaryo; o kadalasang tinatawag na “mga empleyado”) ay nasabihan na huwag pumasok kung may sakit, o kung may nalapitang tao na may COVID-19. Naiintidihan ng mga empleyado na sundin ang Long Beach Health Office Order para sa self-isolation at quarantine, kung angkop. Mga patakaran ng pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay hindi mapaparusahan kung sila ay mananatili sa bahay sa dahilan ng karamdaman.

  - May mga impormasyon sa sa mga iniisponsor ng employer o gobyerno na leave para sa mga empleyado na maaari mas madaling kumita habang sila ay nasa bahay. Tignan ang mga karagdagan impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sick leave at worker’s compensation para sa COVID19 at ang karapatan ng trabahador sa mga compensation benefits at sa pagbalik trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.

❑ Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akseso o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.

❑ Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok sa lugar ng trabahuhan. Dapat kasama sa pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga o lagnat at iba pang sinotmas na maaaring dinaranas ng empleyado. Ang pag check ay maaaring gawin sa labas o sa pagdating ng empleyado.

❑ Lahat ng mga empleyado na may kontak sa publiko o sa ibang mga empleyado sa oras ng kanilang trabaho ay aalokin ng libreng pantakip sa mukha. Ang takip na ito ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may kasamang malapit o lalapit sa ibang tao. Hindi kailagangan magsuot ng pantakip kung ang empleyado ay mag-isa o na sa isang pribadong opisina na may mga harang.

❑ Mga empleyado ay inutusan na hugasan ang pantakip sa mukha araw-araw.

❑ Mga empleyado ay inalok din ng mga gwantes para sa ma gawain na kinailangan silang humawak ng mga ibabaw o habang gumagawa ng mga screening ng sintomas.

❑ Bigyan ng konsiderasyon ang paglagay ng mga plexiglass na harang kung saan may interaksyon ng empleyado at kostomer sa mga bayaran o sa information booth.

❑ Mga workstations at ticket booth o information booth ay mga pinaghiwalay ng may anim na talampakan at ang mga karaniwang lugar ay inayos nga maseguro ang physical distancing na may anim na talampakan.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Mga empleyado ay naatasan na magpanatili ng anim na talampakan na distansya mula sa mga bisita at sa bawat isa sa lahat ng lugar ng museo o gallery. Mga empleyado ay maaaring panandaliang lumapit para tumanggap ng bayad at sa iba pa kung kinakailangan.
- ❑ Break rooms, restroom at iba pang mga karaniwang lugar ay palaging ididisinfect sa sumusunod na iskedyul:
  - Break rooms _____
  - Restroom _____
  - Iba _____
- ❑ Hindi sabay sabay ang mga break nang maseguro ang pagpanatili ng anim na talamapakan ng bawat empleyado sa nakatakdang break room o mga break room na inisaayos o sinaradong mga lugar bilang alternatibong pahingahan nang makapag physical distancing kung posible.
- ❑ May mga disinfectant at iba pang katulad na produkto para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

_____

- ❑ May hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

_____

- ❑ Mga empleyado ay kailangan at binibigyan ng sapat na oras para maghugas ng kamay sa bawat 30 minutos, o kung kailan kailangan kung may gwantes. Kung ang pahugas ng kamay ay di maggawa, mag hand sanitizer na may 60% alcohol na para sa empleyado.
- ❑ Bawat trabahador ay binigyan ng kaniyang sariling tools, equipment at kaniyang trabahuhan. May utos ang empleyado na iwasan ang paghiram ng telepono, two-way radio, iba pang mga suppy o equipment sa opisina kung saan man posible. Sila din ay nautusan na huwag magpagamit ng PPE.
- ❑ Kung may mga gamit na pinaghihiraman, ito ay isdisinfect ng angkop ng panglinis sa bawat shift o paggamit, kung alin man ang mas madalas, kasama na ng mga sumusnod, mga equipment pang opisina, tulad ng copiers, fax, printer, telepono, keyboards, terminal, ATM PIN pads, staplers, staple removers, letter opener, ibabaw ng recepsyon, mga pinagsasaluhang workstations, equipment ng audio at video (mikropono, stand ng mikropono, mixer boards, TV), walkie talkie, atbp.
- ❑ May panahon na inilaan para sa mga trabahador ng maggawa ang paglilinis sa oras ng trabaho. Ang mga paglilinis ay iniatas bilang bahagi ng mga gawain ng mga empleyado. Baguhin ang oras kung kinakailangan ng maseguro ang regular at masusing paglilinis ng trabahuhan. Maari din kumuha ng taga-linis sa ibang kompanya kung kailangan, para makatulong kung kakailanganin pa nang mas matinding paglilinis.
- ❑ Mga patakaran na isinalarawan sa checklist na ito, maliban doon sa mga nasa terms of employment ay ipinatupad para sa mga tauhan ng delivery at iba pang mga taga ibang kompanya na nasa loob ng establisimiento.
- ❑ Opsyonal—Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

_____

- ❑ Ang mga tauhan ay kailangan bigyan ng kinakailangang PPE para masegruado ang kanilang kalusugan at kaligtasan at ng mga campers. Kailangan silang may suot na pantakip sa mukha (natatakpan ang bibig at ilong) sa lahat ng mga programa at mga aktibidad. Mga reusable na pantakip sa mukha ay dapat idisinfect araw-araw.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Mga tauhan ay maaaring kailangananin na magsagawa ng screening ng mga camper kasama ang pag-check ng temperature at bibigyan sila ng wastong PPE na kasama ang pantakip sa mukha, gwantes at protective eyewear. Nirerekomenda din ang pag-bigay ng face shield para sa gawaing ito.
- ❑ Physical distancing sa mga tauhan at mga campers ay pinapanatili.
- ❑ Mga tauhan ng programa ay mananatili sa kanilang mga tinakdang grupo at di dapat bigyan ng iba pang mga gawain habang nasa assignment.
- ❑ Mga hindi sabay sabay na simula at ang mga paghati ng shifts ay naisagawa ng malimita ang bilang ng tauhan sa sityo, ang mga meetings, lunch break, at mga oras ng pag-uwi. Walang pagitipon ng mga grupo ang papayagan.
- ❑ Mga empleyado ay kinakailangan at pinapayagan ng sapat na panahon na maghugas o magsanitize ng mga kamay kada 30 minutos o kung kailangan kung may gwantes na binigay. Mga locker rooms ay inalisan ng mga nilalaman. Mga karagdagang uniporme at mga gear at lahat ng mga personal na mga bagay ay itago sa mga personal na sasakyan. Walang mga personal na bagay ang papayagang itago sa loob ng sityo.
- ❑ Walang mga bisita o mga hindi esensyal ng mga kinatawan ng mga organisasyon ang pinapayagan sa programa o sa mga lugar ng tauhan ng pasilidad. Kasama dito ang mga suppliers at ang publiko.
- ❑ Mga meeting at mga training ay gagawin nang may physical distancing protocol o sa pamamagitan ng telepono, zoom o iba pang platapormaning birtwal.
- ❑ Ang paggamit ng mga bagay sa breakroom na parating ginagamit (e.g. coffee pots, vending machine, refrigerators at microwave) ay sinuspende. Mga personal na cooler ay pinapayo para sa mga personal na pagkain/ inumin at dapat itago sa personal na sasakyan)
- ❑ Ang mga tauhan ay naturuan sa mga patakaran ng programa kasama na ang mga karagdagan protocol ng kaligtasan.
- ❑ Kopya ng protocol na ito ay naipamahagi sa lahat ng tauhan.
- ❑ Bawat organisasyon ay dapat may plano ng masegurado ang wastong panumbasan ng tauhan at camper kung may tauhan na napag-alaman na may sakit habang nag-iiscreening, o magkasakit habang na sa kanilang shift.
- ❑ Kung ang tauhan ay mukhang may sakit, agad ilagay sa itinakdang isolation space, magtakda ng mga karagdagang tauhan para sa seguradagong panumbasan ng tauhan at camper kung kinakailangan. Bawat organisasyon ay kinakailangang alamin ang patnubay ng kanilang Human Resources o Personnel Department.
- ❑ Ang mga organisasyon ay pinapayuhan na sundin ang kanilang Communicable Disease Plan (plano ng nakakahawang sakit) at kontakin ang kanilang management, magulang ng mga camper, mga tagabantay o taga-alaga, kung naaangkop, magtanong agad sa Long Beach Health Department para sa mga iba pang mga patnubay kung ang tauhan ay magkaroon ng COVID-19.
- ❑ Mga empleyado ay pinaalalahanan na sundin ang mga aksyon ng mga prebensyong personal kasama ang:
    - Manatili as bahay kung may sakit. Sa bahay lamang sa loob ng tatlong araw (72 oras) pagkatapos gumaling, ibig sabihin ang iyong lagnat ay gumaling na hindi gumamit ng gamut na pampababa ng lagnat at bumuti ang sinotmas pang respitatoryo (e.g. ubo, paghingal), at hindi kukulang sa sampung araw na lumipas simula ng unang lumabas ang sintomas.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Dalasan ang paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi kukulang sa 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng sanitizer na gawa sa alkohol na may hindi kukulang sa 60% alcohol. Hugasan ang mga kamay bago kumain at pagkatapos gumamit ng banyo, at pagkatapos umubo at bumahing.
- ❑ Takpan ang inyong pagubo at pagbahing ng tisyu at pagkatapos itapon ang tisyu at agad hugasan ang mga kamay. Kung walang tisyu, gamitin ang siko (huwag ang mga kamay)
- ❑ Huwag hawakan ang bibig, mata, ilong ng di hinugasang mga kamay.
- ❑ Iwasan ang paglapit sa mga taong may sakit.
- ❑ Iwasan ang pagpapagamit ng telepono o iba pang mga devices. Kung ang mga devices ay kailangang ipahiram, seguraduhing punasan ng disinfectant wipe bago at pagkatapos ipahiram.
- ❑ Palaging obserbahan ang inyong distansya sa trabaho kaugnay sa ibang mga tauhan. Palaging panatiliin ang minimum na anim an talamapakan na separasyon sa iba maliban kung may mga gawain na kinakailangan gawin ng malapitan at magsuot ng pantakip sa mukha kung malapit ang katrabaho.

- ❑ Huwag sabay sabay ang paghatid/pagsundo ng camper o ang pag-sign out o mga lokasyon, o magsagawa ng mga protocol ng malimita ang kontak ng mga magulang/taga-alaga ng bawat pamilya.
- ❑ Lugar ng check-in at check-out ay dapat malinaw na may marka para maipalam ang physical distancing.
- ❑ Magulang o mga taga-alaga ay dapat gumamit ng sarili nilang panulat pag pipirma papasok at palabas o ang tauhan ay dapat mag-disinfect ng mga panulat sa bawat paggamit. Kung gagamit ng pagpirmang digital, kailangang is disininfect ang lugar ng pirmahan.
- ❑ Mga tauhan ay maaaring kailangananin na magsagawa ng screening ay nakasuot ng wastong PPE na kasama ang pantakip sa mukha, gwantes at protective eyewear. Nirerekomenda din ang pag-bigay ng face shield para sa gawaing ito.
- ❑ Ang paglagi ng mga magulang at mga taga-alaga sa pasilidad ay para sa mga mahalagang gawain lamang.

C. FOOD, SNACK AND MEAL SERVICE REQUIREMENTS

- ❑ Kung may pagkain o meryenda na inaalok dati ng programa, tulad ng libre o murang lunch o meryenda, ito ay dapat pre-packaged.
- ❑ Kung ang camper ay madalang sariling pagkain, ito ay kailangan nasa lalagyan na may pangalan at itabi kasama ng kanilang mga personal na gamit.
- ❑ Huwag pagsabay-sabayin ang oras ng pagkain sa bawat grupo ng camp at mga taga labas na campers kung ang sityo ay parte ng programa ng distribusyon ng pagkain.
- ❑ Lugar ng kainan ay inayos para makapagpanatili ng physical distancing sa bawat camper at ididisinfect at lilinisin ng tauhan sa bawat paggamit.
- ❑ Kung ang staff ay magsisilbi ng pagakin, sila ay dapat mag-suot ng pantakip sa mukha at gwantes.
- ❑ Mag-iskedyul ng paghuhugas ng kamay bago kumain at pagktapos kumain.
- ❑ Hindi pwedeng pagsaluhan ang pagkain.
- ❑ Gumamit ng mga disposable na kubyertos at mga produktong papel.
- ❑ Huwag maghiraman ng kubyertos.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Mamigay ng hand sanitizer bago kumain at pagkatapos kumain
- ❑ Refrigerator at iba pang taguan ng pakain ay kailangan linisin araw-araw.

D. PAG-GRUPO/MGA AKTIBIDAD/ EQUIPMENT AT PAGMONITOR

- ❑ Ang mga campers ay dapat manatili sa parehong lugar at sa malimit sa maliit na group kung maaari. Pagsamahin ang parehong campers at tauhan na kasama ang grupo at isama ang mga campers na galing sa iisang pamilya sa parehong grupo, kung maaaring maggawa. Ang rekomendadong panumbasan ng kasali at tauhan ay 12:1.
- ❑ Nirerekomenda din na ang mga campers na galing sa isang tahanan sa parehong grupo, kung posible ay lalagpas sa inatas panumbasan.
- ❑ Bawat grupo ay dapat sa mga nakatakdang magkakahiwalay na kwarto o mga espasyo na may physical distancing. Kung ang espasyo sa loob ay ginagamit ng maraming grupo sa iba-ibang oras, dapat linisin ng mga tauhan ang mga lugar na madalas hawakan sa bawat paggamit.
- ❑ Mga campers ay hinihikayat na magsuot ng takip sa mukha habang na sa mga aktibidad, maliban lamang pag kakain, o sasali sa mga aktibidad na mahihirapan ang paghinga.
- ❑ Planuhin ang mga aktibidad na di kailangan ng mga malapitan na kontak sa pagitan ng mga campers.
- ❑ Huwag pagsabay-sabayin ang mga panloob at panlabas na laro at mga espasyong pinag-sasaluhan; baguhin ang iskedyul para mabawasan ang bilang ng mga campers na nasa parehong lugar.
- ❑ Lahat ng excursion at mga aktibidad na nangangailangan ng sasakyan ay dapat sumunod sa physical distancing at Measures For Infection Control.
- ❑ Iskedyul ang madalas na paghugas ng kamay, sa pagitan ng mga akitibidad at mga laro sa labas, restroom at sa oras ng pag-kain.
- ❑ Kung may mga pasilidad na may tubig, ang mga program operator ay dapat sumunod sa Protocol para sa mga Swimming Pool (Appendix K)
- ❑ Kung ang camper ay nagpapakita ng sintomas, gamitin ang takdang lugar ng isolation ng mahiwalay ang camper sa grupo at ipaalam kaagad sa taga-alaga para sunduin.
- ❑ Ang camper na nadiskubre na positibo sa COVID-19 ay dapat hindi bumalik sa programa hanggang matapos ang di kukulang sa tatlong araw (72 oras) pagkatapos gumaling, ibig sabihin ang iyong lagnat ay gumaling na hindi gumamit ng gamut na pampababa ng lagnat at bumuti ang sintomas pang respitatoryo (e.g. ubo, paghingal), at hindi kukulang sa sampung araw na lumipas simula ng unang lumabas ang sintomas. Kung ang camper ay walang sintomas, hindi siya dapat bumalik hanggang hindi tapos ang sampung araw ng simula ng pagkakapositibo sa test. Sundin ang komunikasyon ng protocol ayon sa inyong Communicable Disease Plan (CDP) at maaring kumontak sa management o sa Long Beach Health Department officials para humgingi pa ng patnubay.
- ❑ May plano na ipasara ang programa kung ito ay kailangan sa tingin ng Long Beach Health Department
- ❑ Nirerekomenda na iwasan ang mga programa at aktibidad na nangangailangan ng mga equipment. Kung posible, mag lagay ng sapat na supplies, mga materyal at mga equipment para gamitin nang mga campers.
- ❑ Mga equipment na hiraman at games ay kailangang linisin at isanitize, at idisinifect ng madalas sa simula ng araw at paggamit ng iba-ibang campers.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

E. MGA HAKBANG SA KONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Seguraduhin na ang mga tauhan ng camp at mga pamilya ay alam ang mga pinabuting paraan ng mga paglilinis, patnubay ng physical distancing at ang kanilang importansya , tamang paggamit, pagtanggal at paghugas ng telang takip sa mukha, pag-screening at iba pang mga gabay ng paghiwalay ng COVID-19.
- ❑ Mag-atas ng isang tao (hal. nurse ng camp, o tagapalaga ng kalusugan) na responsible sa pagsagot ng mga agam-agam sa COVID-19. Lahat ng tauhan ng camp at mga pamilya ay dapat kung sino ang taon ito at paano sila kokontakin. Ang taong ito ay kailangan may pagsasanay sa pagkolekta ng mga impormasyon at pagsubaybay sa mga posibleng nahawa, para maipaalam sa Long Beach Health Department, tauhan at mga pamilya sa mabilis na paraan.
- ❑ Para sa mga lugar na malaki ang distribution ng lupa, bigyan ng konsiderasyon at restrikyson sa pagtira ng mga campers sa mga malapit na lugar lamang at sabihan na iwasan ang mga pagpuntsa ibang mga kampo.
- ❑ Seguraduhin na may sapat na supply para masuportahan ang mga malinis na pamamaraan, kasama ang sabon, tissue, no-touch na basurahan at hand sanitizer na may 60 percent ethyl alcohol para sa tauhan at para sa mga campers pra makapag-sanitize.
    - Turuan ang mga campers na maghugas palagi bago kumain at pagkatapos, pagka-ubo; at pagka-galing sa labas; o pagkagaling sa restroom
    - Iwasan ang paghawak ng mata, ilong, at bibig
    - Takpan ang ubo at bahing
    - Gumamit ng tisyu para punasan ang ilong at umubo/bumahing sa tissue o patungong siko
- ❑ Subukan na hindi sabay sabay ang regular paghugas ng kamay ng mga staff at campers .
- ❑ Mga campers at tauhan ay dapat maghugas ng kamay ng 20 segundos, hugasang mabuti at gumamit ng paper towel sa pagpapatuyo ng mabuti.
- ❑ Mga staff ay dapat ituro ang tamang paghugas. Halimbawa para sa mga batang campers, gamitin ang oras sa banyo para mapakita at mamonitor ang tamang paraan ng paghugas.
- ❑ Mga campers at tauhan ay dapat gumamit ng hand sanitizer kung hindi makapaghugas. Sanitizer ay dapat ikuskos sa kamay hanggang tuluyang matuyo. Tala: madalas na paghugas ay mas mabisa kaysa sa paggamit ng hand sanitizer, lalo na kung madumi talaga ang mga kamay.
- ❑ Mga bata na mas bata sa idad na 9 ay dapat gumamit ng hand sanitizer na may superbisyon ng nakakatanda. Tumawag sa Poison Control kung nakain 1-800-222-1222. Mas mabuti ang hand sanitizer na may ethyl alchol pag may mga batang hindi masubaybayan. Ang isopropyl hand sanitizer ay mas delikado at maaring pumasok sa balat..
- ❑ Subukan maglagay ng mga stasyon ng hugasan sa kapaligiran para mabawasan ang paggalaw at pagtitiponsa banyo kung maaari.
- ❑ Mga campers ay hinihikayat na gumamit ng telang pantakip, kung maaari. Impormasyon ay dapat ibigay sa lahat ng tauhan at mga camper tungkol sa tamang pagsuot, pagtanggal at paglaba ng takip sa mukha.
- ❑ Subukukang isuspende ang paggamit ng mga drinking fountain at gumamit ng mga reusable na bote ng tubig.
- ❑ Mga madalas hawakan na ibabaw tulad ng ga hawakan ng pintuan, switch ng ilaw, gripo, ibabw ng banyo, mesa, at mga ibabaw sa loob ng sasakayan ay dapat linisin araw araw at

madalas kung posible.

- ❑ Limitahin ang paghiraman ng mga equipment, magsagawa ng mga aktibidad na may kaunting kontak sa mga ibabaw. Paggamit ng playground equipment sa loob ay bawal. Ang pagbukas ng mga playground sa labas ay nasa diskresyon ng operator at ayon sa pagsunod ng patnubay ng State na nakikita dito.
- ❑ Limitahin ang paghiraman ng mga gamit at mga equipment, tulad ng mga laruan, games, art supplies, kung hindi linisin sa bawat paggamit.
- ❑ Sa pagpili ng produkto ng panlinis, gamitin ang mga inaprobahan na N List ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instrukyson. Ang mga produktong ito may mga nilalaman na ligtas para sa mga taong may hika.
- ❑ Gumamit ng mga disinfectant na mabisa sa ma umusbong na pathogens, sundin ang mga direksyon para sa tamang dilution rates at oras ng kontak. Bigyan ang mga empleyado ng pagsasanay sa mga panganib ng chemicals, direksyon mga manufacturer at mga kailangan para sa ligtas na paggamit ayon sa Cal/OSHA.
- ❑ Ang mga custodian na responsable sa paglinis at pagdisinfect ay dapat mayroong PPE, kasama ang gwantes, proteksyon sa mata, proteksyon paghinga, at iba pang mga wastong protective equipment na nakalagay sa instruksyon. Lahat ng produkto ay dapat di maabot ng mga bata at ilagay sa lugar limitado ang akseso.
- ❑ Sa paglinis, pahanginan ang mga espasyo bago dumating ang mga campers, planuhin ang matinding paglinis pag wala ang mga campers. Kung may airconditioning, ilagay sa setting na nagdadala ng sariwang hangin. Palitan ang mga filters para maseguro ang pinakamabuting kalidad ng hangin.
- ❑ Kung ang pagbukas ng bintana ay malalagay sa panganib ang kalusugan, subukan ang mga plano para mapabuti ang daloy ng hangin, tulad ng pag-lakas ang air filtration HVAC (ilagay sa rating na MERV 13).
- ❑ Gumawa ng mga hakbang na ang lahat ng mga sistema ng tubig (mga water fountain at fountains) ay ligtas pagkatapos hindi gamitin ng matagal para mabawasan ang panganib ng impeksyon tulad ng Legionnaire's disease.

MGA SCREEN CAMPERS

- ❑ Turuan ang tauhan at mga campers at ang kanilang pamilya tungkol sa paglagi sa bahay pagkagaling sa camp. Hikayatin na mantili sa bahay ang mga tauhan at campers na lumapit sa taong may COVID-19.
- ❑ Bukod sa screening ng tauhan sa pagdating, lahat ng campers ay dapat din mascreen sa pagdating sa pasilidad.
    - Subukan magsagawa ng wellness checks ng lahat ng campers sa pagdating; ito ay maaring ang pagkuha ng temperature ng campers sa simula ng bawat araw ng no-touch thermometer. Kung walang thermometer, ang inireport na pagsuri ng temperature ay pwedeng tanggapin.
    - Tanungin lahat ng tao tungkol sa sintomas ng COVID-19 sa nakaraan 24 oras at kung mayroon sa bahay nila na may sintomas ng COVID-19 o nagpositive.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Ihiwalay ang bata, magulang o tagapag-alaga mayroon silang sintomas ng COVID-19.
- ❑ Imonitor ang mga tauhan at mga campers buong araw sa mga sintomas ng sakit. Pauwiin ang mga campers at tauhan na may lagnat na 100.4 na grado o mas mataas, ubo o iba pang sintomas ng COVID-19. Papuntahin ang mga tao sa tamang medical facility kaysa sa pauwiin kung kinakailangan.

KUNG MAGKASAKIT ANG TAUHAN AT CAMPERS.

- ❑ Mag-takda ng isolation room o lugar para mahiwalay ang sinuman na may sintomas ng COVID-19 (lagnat, ubo, maikling paghinga, hirap huminga, chills, panginginig, pananakit ng katawan, sakit ng ulo, pagwala ng panlasa at pangamoy, pagduduwal o pagsusuka, pagtatae o sipon).
- ❑ Seguradohin na may suot na telang takip sa mukha o surgical mask kung sila ay mahigit sa dalawang taon at walang problema sa pagsuot o sa pagtanggal ng maskara o kung may mga isyu sa paghinga kapag may maskara.
- ❑ Mga campers o tauhan na nagpapakita ng sintomas ay mananatili sa isolation hanggang silay ay madala sa bahay o sa isang healthcare facility, kung agad magagawa.
- ❑ Itaguyod ang mga proseso ng mga ligtas ng pagdala ng may sakit sa kanilang bahay o healthe care facily. Tumawag sa 9-1-1- kaagad kung nagkaroon ng pananakit o paghigpit sa dibdib, pagkalito o nangangasul ang labi o mukha.
- ❑ Sabihan ang may sakit na mga tauhan at campers na huwag bumalik hanggat hindi nakakamit ang mga pantayan ng CDC para itigil ang isolation sa bahay, kasama na ang tatlong araw na walang lagnat at ang sintomas ay gumaling ng 10 araw simula ng lumabas ang sintomas.
- ❑ Sabihan ang mga kontak ng mga may sakit na manatili sa bahay sa loob ng 14 na araw simula ng huling paglapit sa may COVID-19 at sundin ang Long Beach Health Officer Orders para self- isolation sa quarantine, kung angkop.
- ❑ Kung sakaling 3 o mahigit ang nag-positive sa COVID-19 sa loob nga 14 araw, dapat ireport ito ng operator sa Long Beach Department Health and Human Services 562-570-INFO, at ipaalam sa tauhan at lahat ng pamilya kaagad habang pinapanatili ang confidentiality na hinihiling ng estado at mga pederal na batas.
- ❑ Isara ang mga lugar na ginamit ng may sakit at huwag gamitin bago linisin at idisinfect. Kung maaari, maghintay ng 24 oras o mas matagal bago linisin at idisinfect ang lugar.
- ❑ Seguraduhin ang ligtas at tamang paggamit ng mga disinfectant at mga PPE at mga bentilasyon na rekomendado para sa paglinis. Itago ang mga panlinis at disinfectant malayo sa mga bata.
- ❑ Sa pagkonsulta sa lokal na public health department, ang angkop na opisyal ng camp ay maaring isipin ang pagsara kung kinakailangan at ang tagal ay batay sa antas ng panganib sa loob ng partikolar na komunidad.

LIMITAHIN ANG HIRAMAN O SHARING

- ❑ Itabi ang mga kagamitang ng mga campers nakahiwalay at lagyan ng label ang mga lalagyan, o pagtataguan. Seguradohin na ang mga kagamitan ay iuwi para ma-linis at ma-disinfect.
- ❑ Seguradohing may sapat na supply para mabawasan ang paghawak ng mga materyales (art supplies, equipment, atbp) o limitahin ang paggamit ng mga supply at equipment sa isang grupo ng mga bata sa isang panahon at linisin at idisinfect sab away pagamit.
- ❑ Iwasan ang hiraman ng mga electronic device, damit, laruan, libro at iba pang mga games o

learning aids kung maaari.

F. MGA HAKBANG NG KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Panatiliin ang sistema ng komunikasyon ng mapayagan ang tauhan at pamilya na sila mismo ang magreport ng sintomas at nang makatanggap ng madaling abiso ng mga pagkakahawa o pagsarado, habang may confidentiality.
- ❑ Ang kopya ng protocol na ito nakapaskil sa mga pasukan.
- ❑ Karatula sa pasukan ay nagsasabi sa kostomer ng limatasyon ng kapasidad.
- ❑ May mga karatula sa pasukan, hintayan, at sa lahat ng panlabas na espasyo para ipaalala ang physical distancing at ang takip sa mukha sa bawat oportunidad. Maglagay ng tauhan para ituro ang mga daanan at mga masikip na lugar nang maiwasan ang pagtitipon.
- ❑ May mga karatula na nakapaskil nagsasasabi sa mga bisita na manatili sa bahay kung may mga sintomas na pang respiratoryo.
- ❑ Mga outlet sa online (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa oras, pangangailangan ng takip sa mukha, limitadong kapasidad, patakaran hinggil sa pag pre-booking, prepayment iba pang mga importanteng mga isyu.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

G. MGA HAKBANG NANG MASEGURO ANG PANTAYPANTAY NA AKSESO SA MGA SERBISYONG KRITIKAL

- ❑ Mga serbisyong kritikal sa mga campers ay binigyang priyoridad.
- ❑ Mga hakbang ay intinaguyod na para sa paniguradong servisyo sa mga campers na may limitasayon sa paggalaw at/o nasa mataas na panganib sa mga lugar pampubliko.

Any additional measures not included above should be listed on separate pages, which the business should attach to this document.

Maari niyong kontakin ang sumusunod na tao kung may tanong o komento hinggil sa protocol na ito:

Kontak sa Camp: _____

Telepono: _____

Petsa ng Huling Pagbabago: _____

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV